Mahal naming Magulang/Tagapangalaga:

Ang Edukasyong Pangkalusugan ay bahagi ng ipinag-uutos na programang pang-pagtuturo sa lahat ng mga antas ng baitang sa San Francisco Unified School District. Ang layunin ng malawak na edukasyong pangkalusugang sekswal ay upang tulungan ang mga estudyanteng matutunan ang mga tamang impormasyon, at upang gumawa ng mabuting desisyon ngayon at sa hinaharap. Gayun din, pinapagtibay ng edukasyong pangkalusugan ang mga talakayan tungkol sa kalusugan sa tahanan, at pinapadali nito ang mas maayos na komunikasyon sa pagitan ng mga kabataan at mga nasa tamang edad.

Ipinag-uutos ng batas sa estado ng California na maituro ang edukasyon sa pag-iwas sa HIV/AIDS sa middle school at high school. Sinusunod ng San Francisco Unified ang ganoong kautusan. Kung itinuturo ang malawak na edukasyong pangkalusugang sekswal, susundin ng Distrito ang mga batas ng estado (California *Education Code* Section 51930-51939). Hindi maaaring mamili ang Distrito ng mga paksang itututuro.

Kabilang sa pagtuturo sa pag-iwas sa HIV/AIDS ang (nararapat-sa-edad):

- Impormasyon na ang HIV ay ang virus na nagdudulot ng AIDS, at kung paano nito inaapektuhan ang katawan.
- Paano naikakalat at di-naikakalat ang HIV.
- Talakayan tungkol sa kung bakit madaling kapitan ng mga ibang impeksyon ang mga taong may HIV.
- Paggawa ng mga desisyong makakabuti sa kalusugan at pag-iwas sa mga peligrosong gawain.
- Talakayan tungkol sa mga pananaw ng lipunan sa HIV/AIDS, at mga taong may HIV/AIDS.

Ipinagdiriwang ng lahat ng paaralan sa San Francisco ang linggo ng World AIDS Day (ika-1 ng Disyembre) sa pamamagitan ng mga gawaing naaangkop sa edad, kabilang ang:

- Mga pangangalap ng pagkain
- Pagtatanghal sa Names Project quilt
- Mga sulat sa mga taong positibo sa HIV
- Mga leksyon sa pag-iwas sa HIV/AIDS.

Sa ika-7 baitang, ang mga leksyong edukasyong pangkalusugan ay nakatuon sa:

- Pagtanggap ng responsibilidad para sa pansaliring kalusugan at kapakanan;
- Pag-unawa sa mga pagbabago sa pagbibinata/pagdadalaga;
- Pagkilala sa mga sintomas ng sakit;
- Pagsasa-gawa sa mga positibong pag-uugaling pangkalusugan upang mabawasan ang peligro sa sakit;
- Pag-unawa sa mga nakakahawa at di-nakakahawang sakit kabilang ang mga sakit na naikakalat sa pakikipagtalik; pagsasanay sa mga kakayahan sa komunikasyon kabilang ang mga kakayahang tumanggi at pagiging asertibo upang matanggihan ang mga panggigipit ng mga kaibigan
- Pagsasanay sa kakayahan sa paggawa ng desisyon at pagtanggi tungkol sa paggamit ng droga at gawaing sekswal.

Maaaring daluhan ng mga estudyante ang mga pinahintulutan ng distritong pagtatanghal sa teatro na ibinibigay ng New Conservatory Theatre. Ang New Conservatory ay isang lokal, (501c3) di-naggaganansiyang organisasyon na ilang taon nang nagbibigay ng mga pang-edukasyon na pagtatanghal

sa teatro sa mga K-12 na baitang upang isulong ang kabatiran tungkol sa mga usapin sa HIV, panggigipit ng mga kaibigan, kumpiyansa sa sarili, at indibidwal na responsibilidad. Nag-aalok ito ng tinitingala, mahuhusay sa kultura, mga interaktibong pagtatanghal na naaangkop sa edad nang ayon sa mga istratehiya sa pag-iwas sa HIV na batay sa ebidensya.

Maaari mong suriin ang mga materyales pang-pagtuturo (nakasulat o napapakinggan at napapanood) sa paaralan. Kung mayroon kang mga tanong, makipagkita sana sa guro o prinsipal ng iyong anak. Pinapahintulutan ka ng batas ng estado na tanggalin ang iyong mga estudyante mula sa edukasyon sa pag-iwas sa HIV/AIDS o malawak na edukasyong pangkalusugang sekswal o anumang bahagi ng isang programang pang-edukasyon na sumasalungat sa mga paniniwalang panrelihiyon, moral o personal. *Kung hindi mo gusto na makilahok ang iyong estudyante sa programang pag-iwas sa HIV/AIDS o pagtuturo tungkol sa kalusugang sekswal, pakibigyan ng abiso ang guro ng iyong estudyante sa Kalusugan.* Ang kahilingang ito ay umiiral sa buong pasukang taon. Maaari mo ring basahin ang Education Code 51930 – 51939 sa website ng www.healthiersf.org o humingi ng kopya.

Taos-puso,